The Revenge Of Mr. Nerd BY Rumphii

Softcopy Published: 10/26/2013

None of this property belongs to you. All the credits belongs to the owner.

Plagiarizing is a crime! No to plagiarizing!

Name, age, place and happenings are pure fiction! Any resemblance to the following are coincidental.

Copyright © 2013 by Rumphii. All rights reserved. STEALING IS A CRIME.

If you're going to post MY story to other sites, please do acknowledge me as the author.

ENJOY READING! XOXO! DON'T FORGET TO SUPPORT MY STORIES ON WATTPAD!

~*~

"Advance Happy Valentine's Day. Donna"

Si Kevin. Bestfriend ko. Lalaki sya.

"Oh. Hi! Thanks!" ^__^

"Pwedeng sabay tayo pumasok?!"

"Oo naman. Anong klasing tanong naman yan?! Bestfriend kita."

"Ah. Oo nga! Hahahah!"

Si Kevin. Siya si Mr. Nerd sa story.

Para sakin. Gwapo naman sya. Chinito, medyo kakapalan ang kilay. Brown eyes. Medyo magulo yung buhok, siguro hairstyle lang nya. Naka eyeglass, nerd nga diba?! Medyo sexy lips. Matalino sya. May pagka loner din. Pero masaya syang kausap.

Diba?! Not bad para sa isang Nerd.

Ako naman.

Maganda daw ako. Matalino naman. Simple. Friendly ako.

"Hi Nerd! Wag kang lumapit sa Donna ko! Nagmumukha kang alagang aso sa paningin namin! AHAHAHAH!"

Si Sef! OO. Bully sa school namin. Manliligaw ko din.

Yes! "Din"

Well. Nyahaha! Nakakahiyang sabihin pero oo. Maraming nagpaparamdam sakin. Pero ni isa sa kanila, di ko pinansin. Eh di ko type eh.

Gwapo naman. Mayaman. Mayabang. Bastos! Hearthrob daw sa campus namin. Maraming babae at mga bading ang nagkakandarapa sa kanya. Ako lang yata ang hindi. Kumbaga, gangster! Sya lang yata ang gangster na hindi mahal ng mga wattpad readers! Basta yun!

"Wag nga kayong bastos! Wala namang ginagawa sa inyo yung tao eh!"

Tapos nilipat ko paningin ko kay Kevin. Nakayuko lang ito.

"Halika na nga. Nakakainis mga tao sa panahon ngayon! Walang magawa sa buhay! Kaya di umaangat ang pinas eh! Mga "B-O-B-O" kasi!"

Pag e emphasize ko sa salitang bobo. Medyo natamaan si Sef. Well. Para naman talaga sa kanila yun eh. At nung mukhang kokontra sya, eh inunahan ko na sya.

"Oh ano?! Aarte pa?!"

( Inspired by Avah Chen - AVAH MALDITA )

Tapos tinarayan ko sya.

- - - - - - -

Sa Classroom

\- - - - - - -

At dahil Valentine's Day ngayon, as usual. Maraming gifts, chocolates and flowers na naman ang nakatambak sa upuan ko.

"Guys! Gusto nyo?! Sa inyo na lang oh!"

Ayoko sa mga ganun. Nakakasawa na. Kaya pinamigay ko na lang. At ayun! Yung mga kaklasi ko naman, nagkandarapa. Walang tinira.

Ang pinagtataka ko lang. May isang gift na hindi kuniha. Mukhang hindi naman sya gift kasi isang notebook yun. Pero may cover sya, parang punit. Siguro pinakialaman ng kung sino sino! Hayyy!

Sa lahat ng gift na binigay sakin. Ito lang ang medyo kakaiba at nakaka inlove. Well para sakin nakaka inlove yun kaya wag ka ng kumuntra!

Binuksan ko yun. Mga poems, lyrics at mga drawings nandun.

Impressive. Di ko akalain na may magbibigay sa akin ng ganito.

"Cheska! Sino nagbigay nito?!" tanong ko.

"Hah?! Akala namin sayo yan. Baka gift din yan."

Okay?! Babasahin ko na lang. Nakakaintriga din naman.

"N-nasan pala si Kevin?! Bakit wala sya kanina pa?!"

"Ahh. Si nerd?! Ayun. Tumutulong sa pag design ng stage. May program kasi bukas."

"Okay. Thanks!"

So ayun! Binasa ko ang laman ng notebook na yun. May mga short story din dun! Nakaka inlove ang laman ng notebook na yun.

*UWIAN*

"Donna!"

Tapos nilingon ko sya. Ha! Nakakatawa talaga sya.

"Kevin. Buong araw kang wala sa classroom ah."

"Ah. Yun ba?! Tumulong kasi ako sa pag design ng stage. May program kasi bukas."

"Ah ganun ba?! Sana sinabihan mo ko para tumulong din ako. Wala kasi akong ginawa sa classroom."

"Wag na. Mapapagod ka lang."

Tapos nag smile lang ako sa kanya.

Naalala ko yung notebook na gift sakin.

"Kevin! Nakita mo ba kung sino naglagay nito sa upuan ko?!"

Tapos pinakita ko sa kanya yung notebook.

"H-hah?! N-n-notebook?! H-hindi ko alam."

Tapos nag sad face ako. :(

"B-bakit?!" O.o

"Eh wala lang. Gusto ko lang mag thank you sa kanya. For the first time kasi, na impress ako. Kakaiba kasi yung gift nya." ^_^

Tapos pinasok ko ulit sa bag.

"Ah. Ganun ba?!"

*SA BAHAY*

Kararating ko lang ng bahay. Si mama naman at si papa nakabihis.

"Masaya yata ang baby ko?!"

"Ahhh. Wala lang to mama. May nagbigay kasi ng gift sakin sa school."

Tapos nag kiss ako kay mama.

"Anong klasing gift naman yan?!" si papa.

"Ah. Notebook po papa. Kakaiba diba?!"

Tapos nag kiss ako kay papa.

"Sige po papa, mama. Papasok na ako sa kwarto." ^__^

"Teka lang Donna. Di ka ba sasama?!"

Oo nga pala, saan kaya sila pupunta?! Nakabihis eh.

"S-s-saan po kayo pupunta?!"

Tapos nagkatinginan sila. Parang na gets ko! Ahahahah!

"Ah. Wag na lang po. Alam ko namang para sa inyo lang ang araw nato." Tapos nag smile ako.

"Sige po ma, pa. Pasok na ko."

Agad agad akong nagbihis at nahiga sa kama. Excited na akong basahin yung notebook.

Ng bubuksan ko na sana yung notebook, bigla na lang may nahulog. Isang tape.

Kakaiba din tong gift na to.

Kaya kinuha ko yung laptop ko. Piniplay ko yung CD.

I will be here for you
Somewhere in the night
Somewhere in the night
I'll shine a light for you

Somewhere in the night
I'll be standing by
I will be here for you

Huh?! K-k-kevin?! Si Kevin to?!

"Hehehe. Lakas loob ko 'tong ginawa para may maibigay ako sayo. Ayokong flowers, chocolates etc. ang ibigay sayo, masyadong common. Kaya ito. I come up with this idea. Sana magustuhan mo." then huminga sya.

"Donna. I Love you. Pwede ba kitang ligawan?!"

W-w-what?! Mahal nya ako?! Liligawan nya ako?! Bingi bingihan lang?! >.<

"Kung agree ka na ligawan kita. Gusto kung pumunta ka sa may park malapit sa school. K-kung gusto mo lang naman." pautal -utal nyang sabi.

AHHHHH! Mahal ko na yata sya! Agad agad?! Wag na kayong umangal! One shot lang to! Kaya kara kara na! Gorra na! :P

Anong gagawin ko?! Pupunta ba ako?! Arghhh! Di ko alam! Kinakabahan ako!

Pero mahal ko sya. Kahit kanina pa lang. JOKE! >.<

Kailangan kung puntahan si Kevin. Eh mahal ko sya eh!

So ayun! My decision is final! Pupuntahan ko sya at handa na kaming magpakasal!

Ay! Hindi pala! Magpaligaw pala! >.<

( KORNI! )

"Okay! This is it Donna! Ready na ako!" para akong baliw. Kinakausap ko sarili ko!

*SA MAY PARK*

"Nasaan kaya sya?! Eh ang laki nitong park!"

Tapos hinanap sya ng mga mata ko.

"Ayun!"

Togdog! Togdog! Togdog!

(PS! Heartbeat yan! Tyaga tyaga din pag may time!)

Pupuntahan ko na sana sya, ng biglang:

"Sige! Subukan mung puntahan ang asong yun kung ayaw mong makita mo pa ang pagmumukha nyan!"

S-s-sef?!

"W-w-what?! Anong pinagsasabi mo?!"

"Hah! Wag ka ng mag maang maangan dyan! Alam ko ang lahat!"

Oo nga! Yung notebook! Sabi ko na nga ba't may nakialam dun eh!

"Ikaw?! Sama mo rin no?!"

"Oo! Masama ako! at di mo alam ang kaya kong gawin!" pagbabanta nya sakin!

Anong gagawin ko?! Mahal ko si Kevin. Pero ayaw ko syang mawala sakin.

"Kaya isipin mo ng mabuti ang susunod mung hakbang! Kasi akin ka lang!" bulong nya sakin.

Akma ko na sana syang sasampalin ng biglang may umiyak na bata.

Nakatingin pala samin ang mga tao sa park. ARGGGHH! Nakakahiya!

Kaya naiwan sa ere ang kamay ko. Mangiyak ngiyak ko silang iniwan. Nakayuko kung pinuntahan si Kevin.

"D-d-donna!" sigaw sakin ni Kevin. Bakas sa tinig nya ang kaligayahan na kanyang nadarama.

Ang sakit! Ayokong saktan si Kevin. Pero ano pa ba ang magagawa ko?!

"Donna! Akala ko di ka darating." tapos hug nya ako.

Tapos tiningnan ko sya.

"K-k-kevin. The reason why im here, is not what you're thinking."

Tapos biglang sumimangot mukha nya.

Ang sakit talaga! Di ko ma carry mga ate!

"Pwedeng di dito?! Gusto kung private."

"D-dun. Tayo sa may lawa. Wala masyadong tao dun."

Tapos naglakad na kami.

*SA LAWA*

"D-d-donna?! Anong sasabihin mo?! Bakit dito pa?!"

Arghhh! Anong sasabihin ko?! Mahal ko sya!

Tiningnan ko sya sa mata. Ang cute nya. Naka eyeglass pa din sya.

"Mahal kita! Mahal kita Kevin! Di ko alam kung bakit! Pero mahal kita!
Ikaw lang ang nagpatibok ng puso ko ng ganito. P-p-pero - - -"

"Pero ano?! Ano Donna?!"

"Mas mahal ko si Sef! Dahil gwapo sya! Compare sayo! Pangit! Boring! Baduy!"

Kasabay ng pag patak ng luha ko ang pagbagsak ng mga bulaklak nya.

"D-donna?!" hahawakan sana nya ako pero umiwas ako.

"Ayaw ko sayo! Pangit mo! Hanggang kaibigan mo na lang ako!"

Arayyy naman! Hindi ko kaya na makitang nasasaktan si Kevin! Worst is, ako ang dahilan!

Kaya tumakbo na ako.

Di ko alintana ang mga taong nakatingin sakin. Si Kevin lang nasa isip ko.

"Pagsisisihan mo to Donna! Just wait!"

Sigaw nya sakin. Mas lalo akong nasaktan sa sinabi nya.

Di man lang ako nakapag explain sa kanya! Ang bobo ko!

*KINABUKASAN : SA SCHOOL*

Di ko sya kasabay pumasok. Eh ikaw ba naman. Binusted mo na nga, alangan naman sumabay sayo pumasok sa school. Awkward lang?!

Wala kaming klasi sa buong araw. May program kasi.

"Cheska. Nakita mo ba si Kevin?! Bakit wala pa sya. Kanina pa." matamlay kung tanong sa kanya.

"Matamlay ka ata. Eh di pa sya dumadating eh. Siguro mamaya. Wala naman yung date eh, kasi pangit!"

Biglang nabuhay ang katawang lupa ko sa sinabi nya. Pangit?! Untugin ko kaya ulo nito sa pader!

Tapos tinignan ko sya ng masama.

"Eh. eh. ewan ko. baka mamaya pa yun. Sige, alis na ko!"

Eh takot naman pala eh! Lakas manlait! Kala mo kung sinong kagandahan!

Na bored ako. Kaya naidlip ako saglit.

"AHHHH! ANG YUMMY!"

Bwisit ah! Ang aga aga kumakati na! Tusukin ko kaya to ng nail cutter! Kung makasagaw ah!

Ano kaya ang meron?! Bakit ang dami ng tao sa may upuan ni Kevin?! May dala ba syang pagkain?!

"Nandito na si Kevin?!" bulong ko sa sarili ko.

Pupuntahan ko na sana si Kevin ng biglang,

"Donna! So tayo na?!"

Ang kapal din ng mukha nito!

"Sinabi ko bang pag di ko sya sinagot eh magiging tayo na?! Wag kang assuming!" tapos tinarayan ko sya.

Ng nakatalikod na ako bigla na lang,

"Donna?! Happy Valentine's Day."

Huh?! Sino to?! Transferre?! Bakit kilala ako nito. Yung mga kaklasi ko naman na mga babae ang sama ng tingin sakin!

"Sino ka?!" O.o

"Ahahah! Di mo ko natatandaan?!" :))

"Hindi eh! Pasensya na!"

Tinitigan ko sya mula ulo hanggang paa.

Gwapo sya. Sobrang gwapo. Makapal ang kilay. Chinito. Brown eyes din. Sexy lips din sya! Maporma! Tapos parang naka contact lens.

"Binusted mo lang ako nakalimutan mo na ako." sabay turo sa pasa nya sa kamay.

PASA?! BUSTED?! Oh no! Di to maari!

"K-kev - -"

Tapos bigla nya akong hinila. Mga ilang inches na lang layo namin sa mukha.

"So kilala mo na ko?! Sabi ko sayo pagsisisihan mo to eh." tapos nag smile sya sakin.

Ang bango nya! Nakakagigil! HMMMPPPHH! >.<

Tapos bigla akong kumalas sa kanya. Tapos tinarayan ko sya.

"Di mo alam ang dahilan! Kaya wag mo akong sabihan ng ganyan!" :3

Tapos tumalikod ako sa kanya.

"And wait. Nagbago nga ang panlabas na anyo mo. Hearthrob KUNO ka! (pag e emphasize ko sa salitang KUNO) pero di yan ang gusto ko! ( tapos nagsmile ako sa kanya, yung parang maldita ) mas pagsisisihan ko sana kung sinagot kita, kasi ganito pala ugali mo." -.-

Sabay walkout.

"Akala ko kasi ito ang gusto mo. Well, may girlfriend na ako."

Napahinto naman ako sa sinabi nya.

"Oh! Congrats! Sana masaya kayo!" sarcastic kung sagot sa kanya.

Lakad ulit. . . .

*SA LAWA SA MAY PARK*

Nakaka bad vibes kanina ah! Ayokong umattend ng program! Ayaw kung makita pagmumukha niya!

"Nagbago nga sya! Hindi lang itsura, pati ugali! Hindi nya kasi alam ang totoo! Tapos ipapamukha nya sakin na may girlfriend na daw sya?! Pakialam ko!" bulong ko sa sarili ko.

Nag e emo ako sa oras na yun ng biglang.

I will be here for you
Somewhere in the night
Somewhere in the night
I'll shine a light for you
Somewhere in the night
I'll be standing by
I will be here for you

"K-k-kevin?! Bakit ka nandito!" mataray kung tanong sa kanya.

"May gusto ka bang sabihin?! May dapat ba akong malaman!?"

"Wala! Sagot ko yan sa mga tanong mo!"

Sabay walkout.

Tapos bigla na lang nyang hinawakan yung braso ko.

Tapos pinilit nya akong humarap sa kanya.

"Ano ba! Nasasaktan ako! Bitiwan mo ko!"

"Bakit?! Ako?! Di mo ba ako nasaktan?! Masakit Donna! Pero alam kung ginawa mo yun dahil may dahilan ka!" mangiyak ngiyak nyang sabi sakin.

"Eh alam mo naman pala eh! So pwede mo na akong bitiwan!"

Tapos binitiwan nya ako.

Nag lakad ulit ako. Papalayo sa kanya.

"Donna! Mahal kita! At alam kung mahal mo ako!" sigaw nya sakin.

At tuluyan ng bumigay ang mga luha ko.

"Oo Kevin. Simula pa nung una. Mahal na kita. Ikaw lang at wala ng iba." bulong ko.

Di ako makagalaw dahil sa sinabi nya.

Ilang segundo lang. Naramdaman ko ang pagdikit ng katawan nya sa likod ko.

( WAG KANG GREEN MINDED! NIYAYAKAP NYA  AKO! )

"Mahal mo ba ako?! Mahal kasi kita. Ikaw lang at wala ng iba."

Ramdam ko ang luha na tumutulo sa batok ko.

"Oo. Mahal kita. Ikaw lang at wala ng iba. Simula nung una, ikaw lang nandito sa puso ko."

Tapos hinigpitan nya pagyakap nya sakin.

Napaiyak ulit ako, hindi dahil sa ang sweet nya kundi hindi ako makahinga! Ang higpit talaga ng yakap nya sobra! Kaya kumalas ako!

"Arrayy! Di ako makahinga! Ang higpit!"

"Ahh! Hehehe! Pasensya kana!"

Tapos pinahid nya luha nya.

Tapos nagkatinginan kami.

"Ako lang talaga mahal mo?!" tanong ko sa kanya.

"Oo naman." sagot nya.

Hahalikan na sana nya ako, sinampal ko sya. Yung mahina lang. Ayokong magalit ulit sya. Malapit na kaya ending! One shot lang to no!

"Para saan yun!? Akala ko - - -?! "

"Diba sabi mo may gf ka na?! Manloloko ka!"

"Hahahah! Wala! Joke ko lang yun!"

Tapos napatawa ako sa sinabi nya.

"Totoo?!"

"Bingi?! Eh ikaw. Diba kayo na ni Sef?!"

"ill explain. Ganito kasi y--"

"Shhh! Alam ko na ang lahat. Sinabi sakin ni Sef."

Nagulat ako sa sinabi nya.

"Si Sef?!"

"Takot naman pala yung gangster KUNO na yun eh! Tinakot ko lang. Yun! Ahahah!"

Tapos niyakap ko ulit sya.

"Mahal kita Kevin."

"Ako din. Mas mahal nga lang kita. Thanks pala kasi ginawa mo yun."

ilang segundo lang, may narinig kaming hiyawan.

"YOHOO! WOOOHH! WITWIWW! KISS!"

Kakalas na sana ako pero di ko kaya. Ang lakas ng pagkakayakap nya sakin.

"Sino ba yun?!" tanong ko kay Kevin.

"Basta! Wag mo ng intindihin! Inggit lang sila!"

-THE END-